# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ________________________ Antas/ Baitang: ____________ Puntos: __________
Paaralan: _____________________ District / Cluster: ___________ Division: _____________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 5 at 6** **Quarter: 3**

- Nakikilala na ang mga pangarap ang batayan ng mga pagpupunyagi tungo sa makabuluhan at maligayang buhay sa mga aspetong :

  A. Personal na salik na kailangang paunlarin kaugnay na pagpaplano ng kursong akademoko o teknikal-bokasyonal,negosyo o hanapbuhay;

  B. Pagkilalal sa mga (a) mga kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay at ang (b) mga hakbang sa paggawa ng Career Plan.

- Nakapagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangara, maging ang pagsasaalang- alang sa mga sumusunod:
  A. Sariling kalakasan at kahinaan at pagbalangkas ng mga hakbang upang magamit ang mga kalakasan sa ikabubuti at malagpasan ang mga kahinaan;
  B. Pagtanggap ng kawalan o kakulangan sa mga personal na salik na kailangan sa pinaplanong kursong akademiko o teknikalbokasyonal, negosyo o hanapbuhay.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Naipapaliwanag na mahalaga ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin
2. Nakakapagtakda ng malinaw at makatotohanang mithiin upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap
3. Naisasagawa ang paglalapat ng pansariling plano sa pagtupad ng mga minimithing kursong akademiko o teknikal-bokasyon,negosyo o hanap buhay batay sa pamantayan sa pagbuo ng Career Plan gamit ang Goal Setting at Action Planning Chart.

# Panimula

**Basahin ang teksto:**

*"Anong Klaseng Pamumuhay ang Nais mong Maranasan?"*

Si Mang Jose ay simpleng ama ng nag-iisang anak na si Joseph. Binubuhay nya ang kanyang anak sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga gulay, bungang kahoy, puno at pagmamanukan. Si Mang Jose ay naghahatid ng mga prutas sa palengke sa kanyang mga suki upang matugunan ang kanilang mga paninda. Minsan, nagiging kargador na din si Mang Jose sa tuwing may nangangailangan ng kanyang serbisyo.

Isang umaga , masama ang pakiramdam ni Mang Jose kaya napilitan siyang utusan si Joseph sa palengke upang ihatid ang mga gulay at prutas sa mga suki niya. Si Joseph ay agad tumugon sa utos ng kanyang ama na ubo ng ubo at may lagnat. Nahabag si Joseph sa kanyang ama, ngunit wala siyang magawa kundi sumunod. Sa palengke, madami ang naghanap kay Mang Jose."Bakit wala si Mang Jose?", tanong ng ale. "May sakit po….", sagot ni Joseph. "Napakasipag kasi niya at halos wala ng pahinga, may anak kasi siyang nag-aaral " kwento ni Aling Nene sa ibang tao. Nakurot ang puso ni Joseph. Naisip niya hindi dapat siya nagpapabaya sa pag-aaral dahil buo ang loob ang kanyang ama na makatapos siya. Bumili si Joseph ng gamot sa lagnat at agad umuwi.

Nadatnan niya ang kanyang ama na mahimbing ang tulog. Nagsaing siya at nagluto ng *pinakbet* para may ulam silang mag-ama. Sambit nya," kung buhay lang si nanay hindi ganito si tatay" naging malungkutin na kasi ang kanyang ama mula noong naulila sila.

Ginising niya ang kanyang ama at sila ay kumain. Pinainom niya ito ng gamot upang mawala ang lagnat. Naglaga din siya ng dahon ng *lagundi* upang ipainom kay Mang Jose.Wala kasi silang pera pambayad sa Doktor. Batid niya sa kanyang nakikita na ayaw niya ng ganoong buhay. Gusto niyang makatapos at iahon ang ama sa kahirapan. Buo ang isip at puso ni Joseph, tutulungan niya ang kanyang ama. Magtatapos siya ng pag-aaral.

*Sources: Kathang Isip na Kwento ni Marife A. Amin,MAGC*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

Panuto: Buuin ang mga salitang tinutukoy sa kahon.

1. Tinutukoy nito ang presyo ng bayaran sa serbisyo

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **S** | | **H** | | **D** |

2. Insentibo ng mga manggawa tuwing pasko

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A** | **M** | | | **S** | | **O** | **N** |

3. Ang pinakamahalagang mayroon ang isang mag-aaral.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B** | | **N** | **U** | |

4. Sangay ng Guidance na tumutulong sa paglago ng karerang indibidwal.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **C** | | | **E** | **E** | **R** | **G** | **U** | **I** | **D** | **A** | **N** | | |

5. Sangay ng Guidance na tumutulong sa problemang pagpasok ng trabaho pagkatapos mag-aral.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | **L** | | | **E** | **M** | **E** | **N** | **T** |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Isulat kung **SANG-AYON** o **DI SANG-AYON** sa mga sumusunod na pahayag.

_______________1. Ang makatapos ng pag-aaral ay tamang desisyon.

________________2. Kailangan ko ng *Career Guidance* para gabayan ako sa aking karera.

________________3. Ang *Career Guidance* ay nagsisimula mula sa *Kinder.*

________________4. Ang P*lacement ng Guidance* ay makakatulong sa paghahanap ng trabaho angkop sa kakayahan ng mag-aaral .

________________5. Ang Guidance ay nakakatulong sa pagpapasya ng *career path* ng mga mag-aaral.

# Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Panuto: Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Bilugan ang titik para sa tamang sagot.

______1. Gusto ni Dexter ang makatapos ng pag-aaral ngunit siya ay pinapatigil ng kanyang ama dahil sa pandemya.

A. Magagalit siya sa kanyang ama.

B. Makikiusap siya sa kanyang ama,at mangangakong pagbubutihin niya ang kanyang pag-aaral kahit ngayon ay may pandemiya.

C. Mainam na huwag na lamang munang pumasok at nang makapagpahinga.

D. Mabuti na ang huwag magsawalang kibo upang igalang ang ama.

______2. Si Alex ay magaling gumuhit, at magdisenyo ng mga bahay.Ngunit si Alex ay mahiyain at tahimik lamang. Ang gusto ng kanyang ama, si Alex ay maging isang Abogado.

A. Kausapin ni Alex ang kanyang ama at sabihing hindi akma ang hilig niya sa kagustuhan niyang maging abogado ito.

B. Sasabihin ni Alex na ang gusto nya ay maging isang Arkitekto, at magagamit ang kanyang pagkahilig at talento sa pagdisenyo at pagguhit.

C. Susundin niya ang kanyang ama ngunit gagawin lamang kung ano ang kaya niyang gawin.

D. Hindi na lamang siya kikibo ang hayaan na lamang kung ano ang mangyayari.

______3.Madami kayong punong kahoy at lahat ng mga ito ay namumunga. Minsan nasisira na lang dahil sa sobrang kahinugan. Tinuruan ka ng iyong guro sa Agham na gumawa ng mga guava jelly,at alak na gawa sa guyabano. Madaming mga Turista doon sa inyong lokasyon. Sa katunayan ikaw ang nanalo sa patimpalak sa paggawa ng alak at jelly noong Buwan ng Agham. Ano ang dapat mong gawin sa kakayahan o *skill* mo?

A. Lilinangin ko ang kakayahan ko o *skill* upang umunlad sa pamamagitan ng paggamit ng mga *resources* sa amin bukid.

B. Pabayaaan ko ang mga bungang maglaglagan para may makain ang mga ibon.

C. Ibebenta ko ang mga bunga ng aming punung kahoy upang magkaroon ng karagdagang kita ang aming pamilya

D. Mag-aantay ako na mas magandang pagkakataon na maibenta ang aming lupa upang magkaroon ng mas malaking puhunan.

______4. Ang kaibigan mo ay nangangailangan ng payo ng Guidance Counselor dahil nahihirapan siyang magdesisyon kung anong *strand* ang gusto niyang kunin. Siya ay mahusay sa Matematika at Agham. Sa palagay mo, ano ang akmang strand para sa kanya?

A. **STEM**- **Science**, Technology, Engineering, Mathematics

B. **HESS**- Humanities, Education, Social Sciences

C. **ABM-** Accountancy & Business Management

D. TVL- Technichal, Vocational & Livelihood

______5. Ano ang dapat mong gawin, kung gusto mong makatapos ng *Engineering* ngunit kapos kayo sa pananalapi?

A. Magpa *part time job* ako kahit tagatinda ako ng mineral water sa water station, o sa grocery upang makatustos sa aking pag-aaral sa kolehiyo.

B. Papasok ako bilang isang student-worker sa Unibersidad upang magkaroon ako ng diskwento sa aking tuition fee na may pahintulot ng aking mga magulang.

C. Mag-aantay ako nang pagkakataon na makapag-ipon ang aking pamilya para sa aking pag-aaral.

D. Maghahanap ako ng scholarship program at part time job na makakatulong na matustusan ang aking pag-aaral.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**
Panuto: Kilalanin natin kung saan natin sila nakikita. Isulat sa baba ng bawat numero.



**1** **2** **3** **4** **5** **6** **7**

ARTS AND DESIGN

TECHNICAL-VOCATIONAL AND LIVELIHOOD

SCIENCE, TECHNOLOGY, ENGINEERING, AND MATHEMATICS

ACCOUNTANCY, BUSINESS AND MANAGEMENT

HUMANITIES AND SOCIAL SCIENCES

SPORTS

GENERAL ACADEMIC

*Pinagkunan: Career Guidance Toolkit*

# Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**
Panuto**:** Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

A. Saan ko gustong tumira?

B. Saan ko gustong maglagi o gusto ko ba makapunta sa ibang lugar?

C. Anong uri ng trabaho ang gusto ko?

D. Ano ang pangarap kong mainam na kapaligiran sa pagtatrabaho?

E. Ano ang mainam na negosyo na pwede kong umpisahan?

F. Sinu-sino ang gusto kong makasama?Pamilya? Kaibigan? O mas gusto ko ng walang kasama?

______________________________________________________________

G. Anu-ano ang mga gusto kong gawin aktibidad kasama ang mga tao sa buhay ko?

______________________________________________________________

H. Ano ang gusto kong gawin sa susunod na tatlong taon?

______________________________________________________________

G. Ano ang aking plano pagkatapos ng Junior High School? Anong uri ng karera ang gusto kong ipagpatuloy?

______________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

Panuto: Piliin ang naaangkop na salitang makikita sa loob ng kahon upang mapunan ang mga patlang.

| | | |
|---|---|---|
| makakapagkolehiyo | bokasyonal | negosyo |
| kinabukasan | pamilya | |

Sabi nila ang pag-aaral ay mahalaga para sa ________. Gusto ko ng maayos na buhay para sa akin sa aking________.Kung hindi ako _______ay kukuha ako ng ________para madali akong makapasok ng trabaho at makatulong sa aking pamilya. Ako din ang papasok sa *TESDA* para madali akong makaalis ng bansa. Pagbalik ko ng Pilipinas, ako ay magpapatayo ng maliit na _______. Mag-iipon din ako para sa akin at sa aking pamilya.

*Pinagkunan: Kathang Isip na Kwento ni Marife A. Amin, MAGC*

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

Panuto:

I. Isipin mo ang mga bagay kung saan ka magaling at mahina. Anu-ano ang iyong mga talento, interes, pagpapahalaga at kakayahang mong taglay upang madali mong matupad ang iyong pangarap sa buhay? Isulat ang mga ito.

Talento

______________________________________________________________

Interes

______________________________________________________________

Pagpapahalaga

______________________________________________________________

Kakayahan

___

Ano ang gagawin mo para madali mong matupad ang iyong pangarap na karera sa buhay?

___

___

II. Iguhit ang iyong Career Path

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5) ☆ (star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

___

___

___

___

**Link and Reference**

Edukasyon sa Pagpapakatao 7, Kagamitan ng Mag-aaral

*Career Guidance Toolkit*
*Kathang Isip na Kwento ni Marife A. Amin, MAGC*